JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


4



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# E P P

## Ikaapat na Markahan - Modyul 1:

# Mga Kagamitan sa Pagsusukat



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Annelyn G. Samarinta

**Editor:**

**Tagasuri:**

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:** Isabelita M. Borres, Ed.D – Regional Director
Eugene B. Penales, Ed.D- CLMD Chief
Sonia D. Gonzales, Ed.D - EPS In Charge of LRMS
Sonia D. Gonzales, Ed.D - Regional ADM Coordinator
Ella Grace M. Tagupa, Ed.D - CID Chief
Jephone P. Yorong, Ed.D - Division EPS In Charge of LRMS
Jephone P. Yorong, Ed.D - Division ADM Coordinator



## Alamin

Sa modyul na ito, ay inyong makikilala ang mga kagamitan sa pagsusukat at ang mga angkop na bagay kung saan ito gagamitin. Kaya inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

Pagkatapos sa modyul na ito, ikaw ay inaaasahang:

- Nakikilala ang mga kagamitan sa pagsusukat
- Naiuuri ang kagamitang panukat ayon sa wastong gamit
- Napahahalagahan ang gamit ng mga naturang kagamitan
  (**EPP4IA-0a-1)**



## Balikan

Buuin ang mga salita sa bawat bilang. Tukuyin ang katumbas na titik ng bawat bilang upang mabuo ang mahahalagang salita na may kinalaman sa kagamitang pang-industriya. Isulat ang sagot sa mga kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **A = 1** | **G = 7** | **M = 13** | **S = 19** | **Y = 25** |
| **B = 2** | **H = 8** | **N = 14** | **T = 20** | **Z = 26** |
| **C = 3** | **I = 9** | **O = 15** | **U = 21** | |
| **D = 4** | **J = 10** | **P = 16** | **V = 22** | |
| **E = 5** | **K = 11** | **Q = 17** | **W = 23** | |
| **F = 6** | **L = 12** | **R = 18** | **X = 24** | |

1.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 18 | 20 | 9 | 12 | 25 | 15 |

2.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 12 | 1 | 7 | 1 | 18 | 5 |

3.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 9 | 19 | 11 | 23 | 1 | 12 | 1 |

4.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 2 | 1 | 18 | 5 | 14 | 1 |

5.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 11 | 1 | 20 | 1 | 13 |

1. Ano-ano ang mga pangalang nabuo?

_______________________________________________

2. Saan karaniwang ginagamit amga kagamitang ito?

_______________________________________________

3. Sino nga kadalasang gumagamit nito?

_______________________________________________

| Aralin 1 | Mga Kagamitan sa Pagsusukat |
|---|---|

Sa araling ito ay inyong makikilala ang mga angkop na kagamitan sa pagsusukat ng isang bagay. Upang maging tumpak sa pagsusukat, kailangang gumamit ng mga kasangkapang panukat. Ang bawat kasangkapang panukat ay may kaniya-kaniyang bagay na dapat paggamitan sa pagsusukat. May panukat na ginagamit sa pagsukat ng kapal, lapad at haba ng isang bagay. May ginagamit sa mga guhit at linya. Mayroon ding ginagamit na panukat sa kapantayan ng isang lamesa. At may gamit panukat sa arko o digri ng isang guhit.



## Tuklasin

Kilalanin ang mga sumusunod na kagamitan:
Alam ba ninyo kung saan at paano gagamitin ang mga ito?







____________________ ____________________ ____________________







____________________ ____________________ ____________________





____________________ ____________________



## Suriin

**Mga Kagamitan sa Pagsusukat**

1. 

**ISKWALA**

Ito ay isang kasangkapang hugis L na may 90 digri na ginagamit upang makatiyak na iskwalado ang bawat bahagi ng kahoy.

2. 

**ZIGZAG RULE**

Ito ay kasangkapang yari sa kahoy na ang haba ay umaabot ng anim na piye na ginagamit sa pagsukat ng taas, lapad at kapal.

3. 

**METER STICK**

Ito ay karaniwang ginagamit ng mga mananahi, sa pagsusukat para sa paggawa ng pattern at kapag nagpuputol ng tela

4. 

**PULL-PUSH RULE**

Ang kasangkapang ito ay yari sa metal at awtomatiko na may haba na dalawampu't limang (25) pulgada hanggang isang daang (100) talampakan. Ang kasangkapang ito ay may gradasyon sa magkabilang tabi, ang isa ay nasa pulgada at ang isa ay nasa metro.

5. 

**PROTRAKTOR**

Ang kasangkapang ito y ginagamit sa pagkuha ng mga digri kapag ikaw ay gumagawa ng mga anggulo sa iginuguhit na mga linya.

6. 

**RULER at TRIANGLE**

Ito ay ginagamit sa pagsusukat sa paggawa ng mga linya sa drowing at iba pang maliliit na Gawain na nangangailangan ng sukat.

7. 

**T-SQUARE**

Ito ay ginagamit sa pagsusukat ng mahahabang linya kapag nagdodrowing. Ginagamit din ito na gabay sa pagguhit ng mgs linya sa mga drowing na

8. 

**TAPE MEASURE**

Ang kasangkapang ito ay ginagamit sa pagsusukat ng mga mananahi. Ito ay ginagamit nila sa pagsusukat ng mga bahagi ng katawan kapag tayo ay nagpapatahi ng damit, pantalon, palda, barong, gown, at iba pa.

Talakayan:

1. Ano-ano ang mga kagamitan/kasangkapang sa pagsusukat?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
2. Anong uri ng mga kagamitan ang mga ito?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
3. Bakit kailangang gumamit ng kagamitang panukat?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
4. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga kagamitang panukat sa bahay?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
5. Anong kagamitan/kasangkapang panukat mayroon kayo sa bahay?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
6. Paano ninyo iiingatan ang inyong mga kagamitan/kasangkapan?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________



## Pagyamanin

### Gawain 1

Panuto: Bilugan ang mga salita na may kinalaman sa kagamitang panukat.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | R | O | T | R | A | K | T | O | R | Z | T | I | B |
| T | A | P | E | M | E | A | S | U | B | E | M | K | G |
| R | O | E | C | P | I | S | Q | H | U | G | P | Z | O |
| U | S | P | U | L | L | P | U | S | H | R | U | L | E |
| L | R | A | C | D | U | I | A | W | E | N | K | S | Y |
| E | S | K | W | A | L | A | R | F | R | U | W | R | A |
| R | Z | I | G | M | E | T | E | R | S | T | I | C | K |

### Gawain 2

Panuto: Hanapin sa loob ng kahon ang sagot sa bawat tanong. Isulat ang sagot sa patlang.

Tape Measure
Pull-Push Rule
Zigzag Rule
T-Square
Meter Stick
Ruler/Triangle
Protraktor
Iskwala

_______________ 1. Anong kasangkapan na yari sa metal at awtomatiko na may haba na dalawampu't limang (25) pulgada hanggang isang daang (100) talampakan?

_______________ 2. Anong kagamitan ang karaniwang ginagamit ng mananahi sa pagsusukat para sa paggawa ng pattern at kapag nagpuputol ng tela?

_______________ 3. Ano namang kasangkapan ang ginagamit upang makatiyak na iskwalado ang bawat bahagi ng kahoy?

_______________ 4. Anong kasangkapan ang ginagamit sa pagsusukat ng mga bahagi ng katawan kapag tayo'y nagpapatahi ng damit, palda, pantalon, gown at iba pa?

_______________ 5. Anong kasangkapan ang ginagamit sa pagkuha ng digri kapag ikaw ay gumagawa ng anggulo sa mga iginuguhit na linya?



## Isaisip

Panuto: Punan ng tamang sagot ang bawat patlang sa pangungusap.

1. Ang ____________________ ay ginagamit sa pagsusukat ng mahahabang bagay na may 25 pulgada hanggang 100 talampakan.
2. Ang ____________________ ay kasangkapang panukat na ginagamit sa pagsukat ng taas, lapad at kapal na ang haba ay umaabot sa anim (6) na piye.
3. Ginagamit ang _____________________ sa pagsusukat ng mahahabang linya kapag nagdodrowing at gabay sa pagguhit ng mga linya sa mga drowing na gagawin.
4. Ang ____________________ ay ginagamit sa pagsusukat sa paggawa ng mga linya sa drowing at iba pang maliliit na gawain na nangangailangan ng sukat
5. Ang ____________________ ay ginagamit sa pagsusukat upang makatiyak na iskwalado ang bawat bahagi ng kahoy na hugis L na may 90 digri.
6. Ginagamit ng mananahi ang ____________________ sa pagsusukat ng mga bahagi ng katawan kapag nagpapatahi tayo ng damit, pantalon, palda, gown at iba pa.
7. Ang ____________________ ay karaniwang ginagamit ng mananahi sa pagsusukat sa paggawa ng pattern at kapag nagpuputol ng tela.
8. Ginagamit ang _____________________ sa pagkuha ng mga digri kapag ikaw ay gumagawa ng mga anggulo sa iginuguhit na mga linya.



## Gawain

**GAWAIN 1**

Isulat sa puwang ang pangalan ng kagamitan na nasa larawan.

1. 

_________________________

2. 


_________________________

3. 

_________________________

4. 

_________________________

5. 


6. 

_______________________ _______________________

7. 

8. 

_______________________ _______________________

**GAWAIN 2**

Panuto: Isulat kung anong kagamitan ang ginagamit sa pagsusukat sa  sumusunod na mga bagay.

| BAGAY | KAGAMITANG PANUKAT |
|---|---|
| 1. pagkuha ng tuwid na guhit o linya sa papel | |
| 2. paggawa ng pabilog na hugis ng isang bagay | |
| 3. pagsukat ng taas ng pinto | |
| 4. pagkuha ng wastong anggulo ng bawat bahagi ng kahoy lalo na sa bintana at pintuan | |
| 5. paglinya sa paggawa ng pattern ng damit | |

**GAWAIN 3**

Panuto: Ibigay kung ano ang sinusukat ng mga sumuunod na kagamitan.

1. Tape measure –
2. T-square –
3. Protractor –
4. Ruler –
5. Iskwala -



## Tayahin

A. Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod na katanungan at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong kagamitan ang karaniwang ginagamit ng mananahi sa pagssukat ng ating katawan kapag tayo'y nagpatahi ng damit?
   A. Meter stick
   B. Tape measure
   C. Ruler
   D. Pull-push rule

2. Sino ang kadalasang gumagamit ng iskwala sa pagsusukat ng isang bagay?
   A. Karpentero
   B. Inhenyero
   C. Tubero
   D. Mananahi

3. Saan ginagamit ang T-square?
   A. Sa pagsusukat ng malalaki at malalapad na bagay
   B. Sa pagsusukat para paggawa ng pattern
   C. Sa pagsusukat ng mahahabang linya kapag nagdodrowing
   D. Sa pagsusukat ng maliliit linya kapag nagdodrowing

4. Bakit mahalaga ang mga kagamitang panukat?
   A. Upang malaman ang angkop na sukat ng isang bagay.
   B. Upang magandang tingnan ang mga gagawing proyekto.
   C. Upang madaling matapos ang mga Gawain.
   D. Upang mapagaan ang paggawa ng mga Gawain.

5. Paano ninyo pahahalagahan ang inyong mga kagamitang panukat?
   A. Itago ang mga kagamitan sa lugar na walang nakakaalam kundi ikaw lang.
   B. Ibabad ang mga kagamitan sa tubig pagkatapos gamitin upang maalis ang dumi.
   C. Ilagay kahit saan ang mga kagamitan at hayaang itago ng mga kapatid ang mga ito.
   D. Linisin ng mga kagamitan pagkatapos gamitin at itago sa tamang kalalagyan.

B. Panuto: Pagtambalin ang mga bagay sa hanay A na tumutugma sa mga paglalarawan sa hanay B. isulat ang titik ng tamang sagot sa puwang.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____ 1. Zigzag rule | A. panukat ng mahahabang linya kapag nagdrowing |
| _____ 2. T-square | B. yari sa metal at awtomatiko na may 25 pulgada hanggang 100 talampakan |
| _____ 3. Protractor | C. panukat sa malalaki at malalapad na gilid |
| _____ 3. Pull-push rule | D. yari sa kahoy na ang haba ay umaabot sa anim na piye |
| _____ 4. Iskuwala | E. ginagamit sa pagkuha ng mga digri kapag gumagawa ng anggulo sa iginuguhitna mga linya |

## Karagdagang Gawain

Panuto: Sukatin ang baywang ng limang (5) miyembro ng pamilya gamit ang tape measure. Gamitin ang panukat na **pulgada** sa pagsusukat

1. Papa: ____________________
2. Mama: ____________________
3. Kuya: ____________________
4. Ate: ____________________
5. Bunso: ____________________

## Susi sa Pagwawasto

**Balikan**
1. martilyo
2. lagare
3. iskwala
4. barena
5. katam

**Isaisip**
1. pull-push rule
2. zigzag rule
3. t-square
4. ruler
5. iskwala
6. tape measure
7. meter stick
8. protraktor

**Tuklasin**
1. zigzag rule
2. pull-push rule
3. iskwala
4. protraktor
5. ruler at triangle
6. tape measure
7. meter stick
8. t-square

**Gawain**

Gawain 1
1. Iskwala
2. Pull-push rule
3. T-square
4. Tape measure
5. Protractor
6. Zigzag rule
7. Triangle
8. Meter stick

Gawain 2
1. Ruler
2. Protractor
3. Zigzag rule/ pull-push rule
4. Iskwala
5. Meter stick

Gawain 3

**Pagyamanin**

Gawain 1(in any order)
1. Protractor
2. Tape measure
3. T-square
4. Meter stick
5. Pull-push rule

Gawain 2
1. Pull-push rule
2. Meter stick
3. Iskwala
4. Tape measure
5. Protractor

**Tayahin**

A. 1. B
2. A
3. C
4. A
5. D

B. 1. D
2. A
3. E
4. B
5. C


**Sanggunian**

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (Kagamitan ng Mag-aaral) Ika-4 na Baitang, pahina 452-455

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.